# PANANALIKSIK AT PAG-UNLAD NG WIKA

*ni:*
**JAYSON D. CASTILLO**
*Limay National High School*

Hindi natatapos sa silid-aralan at sa ilang taon ng panuruan ang pagkatuto. Katunayan, nagpapatuloy ito at mas nagiging malawak kung mapapaunlad ng mag-aaral ang kakayahan niyang magsaliksik. Bukod sa ambag sa pagsasaayos at pagtuklas ng mga makabagong teknolohiya at eksperimentong maka-Agham, isa sa pinakamahalagang pakinabang ng pagkatutong manaliksik ay ang pagpapaunlad ng Wika, isang malaking bagay lalo na sa Pilipinas na kung saan ay mayroong ilang daang wika ang ginagamit ngunit marami sa mga ito ay patuloy na naglalaho sa paglipas ng panahon.

Marami sa konsepto ng wika at lingwistika ang patuloy na nangangailangan ng malawakang pagtuklas (Unibersidad ng Chicago, 2022). Kung tutuusin, dahil sa kunplikadong konsepto ng mga pananaliksik patungkol sa wika, maraming mga mag-aaral ang tila may ayaw dito. Patunay din dito ang pagsasagawa ng mga mag-aaral ng pananliksik na ang pinagtutuunan ng pansin ay ang asal ng mga mag-aaral sa halip na buksan ang pinto ng oportunidad upang mapag-aralan ang epekto ng pagsasalita ng iba't ibang wika sa isang silid-aralan.

Mabusisi kung lilimiin ngunit kung magiging mapanuri, maraming paraan upang mahimok ang mga mag-aaral na magsaliksik tungkol sa wika. Mraming kapakinabangan ang paglalaan ng oras sa linggwistika at wika sapagkat mula dito ay malalaman ang mga kaligirang impormasyon patungkol sa wika, paanong ito ay nahuhubog ang isang pagkakakilanlan ng bansa, o hindi naman kaya ay kung ano ang nakaimpluwensya sa isang partikuklar na lenggwahe. Mahaba man ang proseso ngunit tiyak na mahuhubog nito ang kritikal nap ag-iisip ng mga mag-aaral at mapapalawak pa nila ang kanilang kaalaman sa napili nilang paksa (Unibersidad ng San Diego, 2022).

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Sa mga nagnanais na maging guro ng Wikang Filipino, Malaki ang kapakinabangan ng pananaliksik sapagkat mula dito ay maaari sikang makabuo ng mabisang estratehiya at pamamaraan upang mas mapaunawa ang mga malalalim na paksa sa mga estudyante. Bilang isa ang pagkakaroon ng inobatibong pag-iisip sa mga pangangailangan ng modernong edukasyon, magiging susi ang pananaliksik sa mga magigiting na inobasyon sa wika at linggwistika ayon kay Hoehn (2018). Sabi nga ng naturang manunulat, maaari ding magbigay-daan ang pananaliksik upang masolusyunan ang ilang problema sa umiiral na kurikulum.

Karamihan sa mga mag-aaral ay hindi nakikita ang kahalagahan ng pananaliksik lalo na sa aspeto ng pag-unawa ay pagpapalawak ng kaalaman sa mga paksang patungkol sa wika. Hindi maitatanggi na mas maraming pannaliksik ang tungkol sa inobasyon sa Agham kumpara sa pagtukoy sa mga problema ng pagtuturo ng Wikang Filipino. Hindi ito kailanman maituturing na pangmatagalang hamon sa mga guro bagkus ay Madali itong masosolusyunan kung magiging masigasig lamang sa pagpapamulat sa mga estudyante na ang gawaing ito ay makapagpapaunlad hindi lamang ng wika ngunit pati na ang modernisasyon ng mga kultura at mapapatatag ang pagkakakilanlan ng bawat isa.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*Sanggunian:*

Unibersidadng Chicago (2022). Bakit Dapat Pag-aralan ang Linggwistika? Nakuha noong ika-28 ng Hunyo 2022 sa www.linguistics.uchicago.edu

Unibersidad ng san Diego (2022). Pakinabang ng Pananliksik. Nakuha noong ika-28 ng Hunyo 2022 sa www.sandiego.edu

Hoehn, R. (2018). Gampanin ng Pananaliksik sa Inobasyon. Nakuha noong ika-28 ng Hunyo 2022 sa www.innovationmanagement.se